DEPARTMENT OF EDUCATION
**Region I**
City of San Fernando, La Union 2500
Telephone No. (072) 6078137; Fax No. (072) 6078130/40



## MENSAHE

Isang mapitagang pagbati sa lahat ng ating mga nagsipagtapos! Ang pagbating ito ay aming ibinabahagi sa mga namamahala sa paaralan at institusyon, mga guro, at mga magulang na matagumpay na nakibahagi sa malaking responsibilidad upang marating nila ang unang yugto ng kanilang buhay bilang mag-aaral.

Ang tema sa taong ito, ***"Kabataang Mula sa K to 12, Tagapagdala ng Kaunlaran sa Bansang Pilipinas,"*** ay isang kahayagan na ang mga nagsipagtapos sa kasalukuyang henerasyon ay susi sa pagbuo ng mas matatag na kabuhayan at ekonomiya. Nawa ang temang ito ay magsilbing paalala na ang programang K to 12 ay isang malaking hakbang na ang pangunahing layunin ay maiangat ang uri at antas ng edukasyon at maihanda ang mga susunod na henerasyon.

Sa mga minamahal naming nagsipagtapos, alalahanin po natin na ngayon ay araw ng kahayagan ng inyong tagumpay at pagpupursige. Nawa ang mga kaalaman at talent na inyong natutunan ay patuloy pang malinang na siya ninyong magiging gabay sa pagpasok ninyo sa panibagong yugto na inyong buhay.

Sa mga tagapamahala ng mga institusyon at mga guro, ang amin pong pagsaludo sa inyong patuloy na pagsuporta at pagtulong upang lalo pang mapaunlad at mahubog ang mga angking kaalaman ng mga kabataang ito para sa kanilang ikapagtatagumpay.

Sa mga magulang ng mga nagsipagtapos, ang amin pong pagsaludo at pagbati sapagkat ang inyong patuloy na paggabay ay napakalaking bahagi sa ikapagiging uliran ng mga nagsipagtapos gayundin nagbibigay ito ng lakas ng loob para sa kanila sa pagharap sa mga pagsubok at hamon ng buhay.

Nawa ang pagtatapos na ito ay magsilibing isang malaking biyaya para sa ating lahat at nawa'y makasumpong tayo ng lakas sa isa't isa sa ating lakbayin at sa mga susunod pang henerasyon.

Muli, ang aming malugod na pagbati sa lahat!

**DR. ALMA RUBY C. TORIO**
Regional Director